Kakayahang panggramatika ng mga mag-aaral na nagpapakadalubhasa sa Filipino

SHIRLEY CANAOAY VENIEGAS, PhD
Chair-MAEd-Filipino
Nueva Vizcaya State University
Bambang, Nueva Vizcaya 3702

Abstract — Ang pag-aaral na ito ay nakatuon sa kakayahang panggramatika ng mga mag-aaral na nagpapakadalubhasa sa Filipino. Layunin nito na malaman ang antas ng kakayahang panggramatika ng mga mag-aaral batay sa salitang pangnilalaman, salitang pangkayarian, gayundin ang kadalasang kamaliang panggramatika sa pagsulat ng komposisyon. Makabuo ng isang interbensyon para sa paglinang ng gramatika. Gayundin, malaman ang antas ng ebalwasyon ng mga eksperto sa nabuong interbensyon batay sa layunin, nilalaman, pagsasanay, at pagpapayamang gawain. Ginamit sa pag-aaral na ito ang pinagsamang kuwalitatibo at kuwantitatibo o palarawang disenyo o pagdulog at deskriptibo. Sinuri ang mga nakalap na datos gamit ang conventional at summative content analysis. Natuklasan mataas ang antas ng kakayahang panggramatika sa salitang pangnilalaman at pangkayarian. Natuklasan ding mayroong limang (5) kadalasang kamaliang panggramatika ang mga mag-aaral na nasa ikalawang taon hanggang ikaapat na taon sa pagsulat ng sanaysay at ito ay ang mga sumusunod: paggamit ng malaki at maliit na titik, gamit ng “nang” at “ng”, gamit ng gitling at pag-uulit, at pagbabaybay ng mga salita. Bilang awput ng pag-aaral, ang mananaliksik ay nakabuo ng isang worktext sa gramatikang Filipino. Ang nabuong worktext ay nakakuha ng napakataas na antas ng balidasyon. Ito ay nangangahulugang labis na katanggap-tanggap sa mga balideytor ang nabuong worktext. Batay sa resulta ng pag-aaral ay nabuo naman ang mga sumusunod na kongklusyon: ang mga mag-aaral na nagpapakadalubhasa sa Filipino ay mahusay sa bahagi ng pananalita ngunit kailangan pang malinang; kailangan pang malinang sa mga mag-aaral ang pagbabantas, wastong gamit ng salita, at mga gamit ng malaki at maliit na titik, at makatutulong ang worktext sa pagpapaunlad ng kakayahang panggramatika ng mga mag-aaral. Mula sa nabuong kongklusyon, iminumungkahi ng mananaliksik na: magbigay pa ang mga guro ng mga karagdagang pagsasanay ng mga salitang

Copyright © 2026 IJAMS, All right reserved

pangnilalaman at pangkayarian; bigyang pansin ang mga kahinaang panggramatika sa pagsulat ng mga mag-aaral, ganyakin at hikayatin pa ang mga guro upang bumuo at gumawa ng worktext na ipagagamit sa mga mag-aaral nang sa gayon ay matulungang mapaunlad ang kakayahang panggramatika ng mga mag-aaral.

Susing salita: Kakayahang panggramatika, pagsusuri, dalubhasa, worktext, Filipino

I. PANIMULA

Ayon kay Jalbuena (2008), ang wika ay pinakakodigo ng pakikipagtalastasan na karaniwang ginagamit ng grupo ng mga tao na kumakatawan sa isang lahi o bansa tungo sa pag-ukit ng isang malaya at maunlad na bansa o pagpapatatag nito. Hindi nga maikakaila na sa paglipas ng panahon ay hindi alintana na patuloy pa rin ang pagbabagong bihis ng mga iba't ibang wika sa Pilipinas (Almario, 2013). Hindi nailalayo ang tinuran ni Llanos (2019) na ang wika ay integral na bahagi ng tao pagkasilang. Ito ay integral dahil kakambal na ng tao ang wika noong nasilayan ang liwanag sa mundong ginagalawan. Ayon naman kay Lachica (1999) kailangang masanay ang mga mag-aaral sa tamang pagpili at tamang pagsasaayos tungo sa masining na pagpapahayag. Nabanggit naman nina Lartec at Perey (2011) ang bawat wika ay may mga tuntuning sinusunod na tinatawag na balarila o gramatika.

Isang malaking hamon naman para sa mga guro sa pagpapalaganap at pagpapahalaga sa wikang Filipino ang lumabas sa Commission on Higher Education (CHED) Memorandum blg. 20, serye ng 2013 na kung saan itinakda nito ang pagpapatanggal ng asignaturang Filipino sa kolehiyo upang makisabay sa kahingiang pandaigdig ang mga Pilipino na naaayon sa mga dapat matutuhan sa tinatahak na kurso ng mga mag-aaral. Dahil dito, lumabas sa pag-aaral na ang pag-alis ng nasabing asignatura ay maaaring makaapekto sa kaalamang pangwika ng mga mag-aaral na magbibigay hangganan sa pag-aaral dito at magbubunga ito ng kawalan ng interes na payabungin ito (Ibay, 2020). May mga pag-aaral naman na kakikitaan ng kahinaan at kalakasan ng mga mag-aaral sa gramatika. Katulad ng pag-aaral nina Resuello at Funclara (2021), natuklasan na ang mga mag-aaral ay may katamtamang kakayahang panggramatika sa pagsulat sa Filipino na may kaugnayan sa ponolohiya, morpolohiya, at sintaksis.

Copyright © 2026 IJAMS, All right reserved

Ayon kay Patilan (2014) sa isinagawang pag-aaral, ay natuklasan na mababa ang antas ng kakayahan ng mga mag-aaral sa paggamit ng pandiwa, samantalang katamtaman naman ang kakayahan sa paggamit ng pang-uri. Batay sa pag-aaral naman na isinagawa nina Cabingan et al. (2021), natuklasan na sa bahagi ng pangnilalaman, lubhang mataas ang antas ng kakayahan ng mga mag-aaral sa paggamit ng panghalip, subalit sa paggamit ng pandiwa sa pangungusap, nangangailangan pa ang mga mag-aaral ng malalim na pag-unawa na may katamtamang antas ng kakayahan. Sa bahagi ng pangkayarian, mataas ang antas ng kakayahan ng mga mag-aaral sa paggamit ng pangatnig, samantalang nangangailangan pa ng kahusayan sa pag-unawa sa bahagi ng pang-ukol.

Ayon kina Lartec at Perey (2011), nagkakaiba ang antas ng kakayahang panggramatika ng mga mag-aaral sa salitang pangnilalaman at pangkayarian, na nagpapakita ng makabuluhang pagkakaiba sa kanilang mga iskor. Ipinapahiwatig nito ang kahalagahan ng guro bilang susi sa pagpapaunlad ng kaalamang panggramatika ng mga mag-aaral. Ayon kay Ibay (2020), natuklasang nasa

katamtamang husay ang kakayahan ng mga guro sa gramatika, subalit sa kabila ng kahirapan sa sintaks, sila ay nagsisikap at nagiging mapamaraan upang matugunan ang pangangailangan ng mga mag-aaral. Dagdag pa ni Tabec (2013), may kaugnayan ang kasarian at eksposyur sa midya sa kamalian sa pagsulat, partikular sa aspektong morpolohikal, sintaktikal, at leksikal. Sa isinagawang pag-aaral ni Galang (2007) sa pagbanggit ni Misa (2019), sa bahaging lingguwistika na saklaw ang ponolohiya, napatunayan na ang mga mag-aaral ay may kahinaan sa diptonggo, ang karaniwang kamalian ay kapag magkasunod ang isang patinig at Y at Al-sa isang pantig, ito ay diptonggo na nang hindi muna sinusuri ang pagpapantig. Sa morpolohiya, ang karaniwang kamalian ng mga mag-aaral ay ang paggamit ng pang-angkop na ng at nang.

Sina Almario (2013), Jalbuena (2008), Llanos (2019), Lachica (1999), Lartec at Perey (2011) na nagsasabing napakalaki ng gampanin ng wika sa midyum ng pakikipagkomunikasyon. Wika na naging kakambal na ng tao mula pagkasilang at handa sa anumang pagdadaanan nitong pagbabago mula sa iba't ibang henerasyon. Nagkaroon naman ng hamon ang pagpapalaganap ng wika sa pagkatuto at pagtuturo. Ang CHED Memo Bilang 20, serye ng 2013, sa pagpapatanggal

Copyright © 2026 IJAMS, All right reserved

nito ng pagtuturo ng asignaturang Filipino sa tersarya. Nakaapekto ito sa pagpapayabong ng kaalamang pangwika dahil na rin sa kawalan interes ayon kay Ibay (2020).

Sa pag-aaral naman na isinagawa nina Lartec at Perey (2011), Patilan (2014), Ibay (2020), Resuello at Funclara (2021), at Cabingan et. al (2021), makikita rito ang kahinaan at kalakasan sa kakayahang panggramatika ng mga mag-aaral sa pagsulat at paggamit ng wikang Filipino, partikular na ponolohiya, morpolohiya, sintaksis. Gayundin ang mga iba't ibang bahagi ng pananalita katulad ng; pandiwa, pang-uri, panghalip, at pang-ukol. Napatunayan na mayroong pagkakaiba-iba ang antas ng kakayahang panggramatika, mga salitang pangkayarian at salitang pangnilalaman ng mga mag-aaral. Hindi rin nailalayo ang naging resulta ng pag-aaral na nagsasabing mababa ang antas ng kakayahan ng mga mag-aaral na nagpapadalubhasa sa Filipino sa gramatika, napakababa sa gamit ng wika, at katamtaman sa pag-unawang pangnilalaman. Ang kadalasang kamaliang panggramatika naman ang pinagtuunan nina Tabec (2013), De Los Reyes (2021) at Galang (2017) sa pagbanggit ni Misa (2019). Lumabas na may pagkakaiba ng kamalian sa aspektong morpolohikal, sintaktikal, at leksikal. Gayundin nabanggit ang antas kasanayan sa estruktura at pagbuo ng pangungusap, bokabularyo o pagpapakahulugan ng salita. Mayroon ding kamalian sa paggamit ponolohiya at diptonggo. Napatunayan sa mga isinagawang pag-aaral na hindi gaanong bihasa sa kakayahang panggramatika ang mga mag-aaral dahil sa mga kamaliang natuklasan ng mga mananaliksik.

Paglalahad ng Suliranin ng Pag-aaral

1. Ano ang antas ng kakayahang panggramatika ng mga mag-aaral na nagpapakadalubhasa sa Filipino batay sa:

    a) Salitang Pangnilalaman

    b) Salitang Pangkayarian

2. Ano ang kadalasang kamaliang panggramatika sa pagsulat ng komposisyon ng mga mag-aaral na nagpapakadalubhasa sa Filipino?

Copyright © 2026 IJAMS, All right reserved

3. Anong interbensyon ang maaaring mabuo upang mapaunlad ang kakayahang panggramatika ng mga mag-aaral na nagpapakadalubhasa sa Filipino?

4. Ano ang antas ng ebalwasyon ng mga eksperto sa nabuong interbensyon batay sa layunin, nilalaman, pagsasanay, at pagpapayamang gawain?

II. METODOLOHIYA

Disenyo ng Pananaliksik- Ginamit sa pag-aaral na ito ang pinagsamang kuwalitatibo at kuwantitatibong pamamaraan at disenyong palarawan.

Populasyon at Lokasyon ng Pag-aaral- Sa pag-aaral na ito, bibigyang pansin ang mga mag-aaral ng Kolehiyo ng Edukasyon sa Pagtuturo ng Pamantasang Nueva Vizcaya, Bambang Campus, na nagpapakadalubhasa sa Filipino. Mula sa ikalawang antas hanggang ikaapat na antas na naka-*enrol* sa ikalawang semestre ng taong Panuruang 2022-2023. Mayroong kabuoang pitumpu't apat (74) ang mga Filipino majors na nagsilbing respondente ng mananaliksik. Sa ikalawang taon ay dalawampu't isa (21), tatlumpu't isa (31) sa ikatlong taon at dalawampu't dalawa (22) naman sa ikaapat na taon.

Mga Instrumento sa Paglikom ng mga Datos- Silabus sa pagtuturo ng asignaturang Estruktura sa Wikang Filipino ang naging pangunahing instrumento sa paglikom ng mga datos na nagsilbing balangkas na pumatnubay sa pagpili ng mga aytem ng pagsusulit. Kasunod na pagkabuo nito ay ang ikalawang instrumento ay nabuo ang pagsusulit sa gramatika na nakapokus sa kakayahang panggramatika sa Filipino batay sa salitang pangnilalaman at salitang pangkayarian. Ginamit naman ang *google form* bilang ikatlong instrumento ng pag-aaral sa pagsagot ng mga aytem sa pagsusulit sa upang mas mapadali at magtagpo ang mga oras ng mananaliksik at ng mga respondente. Ang ikaapat na instrumento naman ng pag-aaral ay ang pagtataya para makuha ang antas ng ebalwasyon sa nabuong kagamitan sa pagtuturo.

Copyright © 2026 IJAMS, All right reserved

Paraan ng Paglikom ng mga Datos- Matapos makakuha ng pahintulot, pinili ang mga Filipino major mula ikalawa hanggang ikaapat na taon bilang kalahok. Bumuo ang mananaliksik ng 100-item na multiple-choice na pagsusulit sa gramatikang Filipino na sumasaklaw sa LOTS at HOTS at sumailalim sa pilot testing, item analysis, at balidasyon ng mga eksperto. Sinuri rin ang reliability sa tulong ng statistician bago ipamahagi ang instrumento sa pamamagitan ng Google Forms. Sa bahaging kuwalitatibo, pinasulat ang sanaysay ng mga mag-aaral upang matukoy ang kanilang karaniwang kamaliang panggramatika na sinuri gamit ang *content analysis* at *inter rater checking.*

Pagtrato ng mga Datos- Ang talatanungan ay naglalaman ng mga pagsasanay at indikasyon ng kasanayan o kakayahang panggramatika. Kabilang din sa paunang pagsasanay ang pagsulat ng sanaysay. Ginamit sa pag-aaral ang content analysis at summative analysis upang matukoy ang kakayahan ng mga mag-aaral sa gramatikang Filipino at matukoy ang mga karaniwang kamalian nila, partikular sa estruktura ng wikang Filipino. Sa kuwantitatibong pamamaraan, sinuri ang mga nakalap na datos sa pamamagitan ng mga pamamaraang estadistikal (Creswell et al., 2011). Bilang panukat sa antas ng kakayahan sa paggamit ng gramatikang Filipino ng mga mag-aaral na nagpapakadalubhasa sa Filipino, ginamit ang sumusunod na iskala para sa pasalitang deskripsiyon. Ang ginamit naman na pamantayan para sa ebalwasyon ng nabuong worktext ay batay sa layunin, nilalaman, pagsasanay at pagpapayamang gawain ay makikita sa gawing ibaba. Ito ay Hinalaw mula sa pag-aaral ni Cruz (2016). Ito ay may iskalang 1-4 at may antas ng ebalwasyon na Napakaangkop (NA), Angkop (AN), Bahagyang Angkop (BA) at Hindi Angkop (HA).

Copyright © 2026 IJAMS, All right reserved

III. PAGTALAKAY SA MGA RESULTA

3.1 Kakayahan ng mga mag-aaral sa mga salitang pangnilalaman

Sa Talahanayan 1 ay matutunghayan ang antas ng kakayahan ng mga mag-aaral sa mga salitang pangnilalaman na kinabibilangan ng pangngalan, panghalip, pandiwa, pang-uri at pang-abay.

SALITANG PANGNILALAMAN	MEAN	DESKRIPSYON
Pangngalan	2.43	Mababa
Panghalip	2.91	Mataas
Pandiwa	2.85	Mataas
Pang-uri	2.59	Mataas
Pang-abay	3.05	Mataas
Kabuoang Mean	2.77	Mataas

TALAHANAYAN 1. ANTAS NG KAKAYAHAN SA SALITANG PANGNILALAMAN

Leyenda: 3.25-4.00 (Pinakamataas), 2.50-3.24 (Mataas) 1.75-2.49 (Mababa) 1.00-1.74 (Pinakamababa)

Batay sa resulta ng pag-aaral, mababa ang kakayahan ng mga mag-aaral sa paggamit ng pangngalan (M=2.43), na nagpapakita ng hirap sa tamang pagkilala at paggamit nito, kabilang ang kalituhan sa iba pang bahagi ng pananalita. Samantala, may mas mataas na kakayahan sa panghalip (2.91), pandiwa (2.85), pang-uri (2.59), at pang-abay (3.05), bagaman kinakailangan pa rin ang pagpapaunlad ng kanilang kasanayan sa gramatika. Ayon kina Payangdo (2024) at Tica-a (2024), kinakailangan pang paunlarin ang kakayahang panggramatika ng mga mag-aaral, partikular sa pangngalan at pandiwa, sa pamamagitan ng mas maraming pagsasanay. Kaayon nito, natuklasan

Copyright © 2026 IJAMS, All right reserved

nina Lartec at Perey (2011) na may mataas na kakayahan ang mga mag-aaral sa pang-uri at panghalip, gayundin sa mga salitang pangkayarian tulad ng pangatnig, pang-angkop, pang-ukol, at pantukoy.

3. 2 Kakayahan ng mga mag-aaral sa salitang pangkayarian

Sa Talahanayan 2 ay matutunghayan ang antas ng kakayahan ng mga mag-aaral sa mga salitang pangkayarian na kinabibilangan ng pangatnig, pang-angkop, pang-ukol at pantukoy.

SALITANG PANGKAYARIAN	MEAN	DESKRIPSYON
Pangatnig	2.78	Mataas
Pang-angkop	2.85	Mataas
Pang-ukol	2.26	Mababa
Pantukoy	2.59	Mataas
Kabuoang Mean	2.62	Mataas

Talahanayan 2. Antas ng kakayahan sa salitang pangkayarian

Leyenda: 3.25-4.00 (Pinakamataas), 2.50-3.24 (Mataas) 1.75-2.49 (Mababa) 1.00-1.74 (Pinakamababa)

Batay sa resulta ng pag-aaral, mataas ang kakayahan ng mga mag-aaral sa paggamit ng pangatnig, pang-angkop, at pantukoy. Ipinapakita nito na may kaalaman sila sa paggamit ng mga ito, ngunit kailangan pa ng karagdagang pagsasanay upang higit na mapaunlad ang kanilang kasanayan. Samantala, mababa ang kakayahan nila sa paggamit ng pang-ukol, na may mean na 2.26. Maaaring dulot ito ng kalituhan sa pagkilala at wastong paggamit ng pang-ukol at iba pang salitang pangkayarian.

Copyright © 2026 IJAMS, All right reserved


Ayon kina Lartec at Perey (2011), kailangan pa rin ng mga mag-aaral ng higit na pagsasanay sa paggamit ng mga pang-ugnay at iba pang salitang pangkayarian. Dagdag pa rito, natuklasan nina Leones et al. (2024) na nagkakaiba ang antas ng kakayahang panggramatika ng mga mag-aaral sa iba't ibang bahagi ng pananalita.

3.3 Mga kadalasang kamaliang panggramatika sa pagsulat ng sanaysay ng mga nagpapakadalubhasa sa Filipino

*A*yon kay Labarrete (2016), mababa ang antas ng kakayahan sa pagsulat ng mga mag-aaral sa kolehiyo sa Pilipinas. Upang matukoy ang mga karaniwang kamaliang panggramatika, pinasulat ng mananaliksik ang mga mag-aaral ng isang sanaysay. Sa pagsusuri ng mga sanaysay, natukoy ang limang karaniwang kamalian: paggamit ng malaki at maliit na titik, wastong gamit ng nang at ng, paggamit ng gitling, pag-uulit, at pagbabaybay ng mga salita. Sinusuportahan ito ng pag-aaral nina Aragon at Ballalo (2023), na nagsabing mababa ang kahusayan ng mga mag-aaral sa pagsulat ng sanaysay sa Filipino.

<u>Paggamit ng Malaki at Maliit na Titik</u>

Isa sa mga karaniwang kamaliang panggramatika ng mga mag-aaral sa pagsulat ng sanaysay ay ang maling paggamit ng malaki at maliit na titik. Ayon kina Galingana (2019) at Casanova (2001), dapat itong bigyang-pansin sa pagtuturo ng pagsulat. Ginagamit ang malaking titik sa simula ng pangungusap, sa mga pangngalang pantangi, pamagat, titulo, akronim, at iba pang wastong gamit nito.



Copyright © 2026 IJAMS, All right reserved

Plate 1. Halimbawa ng maling paggamit ng maliit na titik

Ang halimbawa sa Plate 1 ay makikita ang maling gamit ng maliit na titik sa salitang “pilipino” dahil ayon sa tuntunin ay nararapat lamang na gamitin ang “Pilipino” sa halip na “pilipino" sapagkat ito ay pangngalang pantangi.





Plate 2. Halimbawa ng maling paggamit ng maliit na titik

Makikita sa Plate 2 na ang salitang pilipinas ay naisulat sa maliit na titik. Tandaan na ang mga pangngalang pantangi ay laging nagsisimula sa malaking titik, anuman ang posisyon nito sa pangungusap. Samakatuwid, ang tamang anyo nito ay Pilipinas, gayundin ang Pilipino. Mahalagang isaalang-alang ng mga mag-aaral ang wastong paggamit ng malaking titik bilang bahagi ng tuntunin sa gramatika. Ayon kay Gurango (2022), ginagamit ang maliit na titik sa mga pangngalang pambalana maliban kung ito ay nasa unahan ng pangungusap.



Copyright © 2026 IJAMS, All right reserved

Plate 3. Halimbawa ng maling paggamit ng maliit na titik sa simula ng pangungusap

Makikita sa Plate 3 ang maling paggamit ng maliit na titik salitang “dito” sa halip na “Dito” ang gamitin sapagkat ito ay sa simula ng pangungusap.





Plate 4. Halimbawa ng maling paggamit ng maliit na titik sa simula ng pangungusap

Napansin na mali ang pagkakasulat ng ilang salita tulad ng *ang, dito, nararapat,* at *kung* dahil hindi ginamitan ng malaking titik kahit nasa simula ng pangungusap. Ang wastong paggamit ng malaki at maliit na titik ay nakatutulong upang maging malinaw at organisado ang pagsulat. Ayon kay Cabansag (2013), isa ito sa mga karaniwang pagkakamali ng mga mag-aaral sa kanilang mga sulatin. Natuklasan din nina Barlaan at Javier (2020) na bagama’t may kaalaman ang mga mag-aaral sa paggamit ng malaki at maliit na titik, kailangan pa rin itong higit na malinang.



Copyright © 2026 IJAMS, All right reserved

Plate 5. Halimbawa ng maling paggamit ng malaking titik gitna ng pangungusap

Makikita sa Plate 5 ang maling paggamit ng malaking titik sa mga salitang “Buhay,” “Transgender,” “Gay,” “Paligsahan,” at “Normal” sa gitna ng pangungusap. Hindi ito wasto sapagkat ang mga salitang ito ay hindi mga pangngalang pantangi at hindi dapat nagsisimula sa malaking titik.

Gamit ng “NANG” at “NG”

Magkaiba ang gamit ng “nang” at “ng” sa wikang Filipino kaya mahalagang malaman ang wastong paggamit ng mga ito upang maging malinaw ang komunikasyon.




Plate 6. Halimbawa ng kamaliang panggramatika sa wastong gamit ng “NANG” sa loob ng pangungusap

Kapansin-pansin ang hindi wastong paggamit ng mga mag-aaral ng “Nang” sa loob ng sanaysay na binuo. Narito ang sipi ng pahayag sa maling paggamit ng “NANG” mula Plate 6. “Para sa akin ay dapat itong ibalik sapagkat marami nang kabataan ang nagiging mangmang pagdating sa kanilang pagbigkas sa mga salita o di kaya naman ay nababawasan ang mga ito”. Pansinin ang salitang nasalungguhitan, mahabang “Nang” ang ginamit sa loob ng pangungusap bago ang salitang pangngalan. Ganito dapat ang pagkakabuo ng pangungusap. “Para sa akin ay dapat itong

Copyright © 2026 IJAMS, All right reserved

ibalik sapagkat marami ng kabataan ang nagiging mangmang pagdating sa kanilang pagbigkas sa mga salita o di kaya naman ay nababawasan ang mga ito".




Plate 7. Halimbawa ng kamaliang panggramatika sa wastong gamit ng "NANG" sa loob ng pangungusap

Makikita rin sa Plate 7 ang isa pang maling paggamit ng salitang "nang." Sa pahayag na *"kundi nang buong DepEd,"* ang wastong gamit ay *"ng buong DepEd."* Ipinapakita nito na may kalituhan pa rin ang mga mag-aaral sa tamang paggamit ng "nang" at "ng." Ayon kina Tumangan, Sr. et al. (2001), bagama't magkapareho ang bigkas ng "nang" at "ng," magkaiba ang kanilang gamit. Ginagamit ang "nang" bilang katumbas ng *noong, upang,* o *para,* at bilang pang-ugnay sa ilang uri ng salita.

Paggamit ng mga gitling

Sa patuloy na pag-unlad ng pagsulat, mahalagang magamit nang wasto ang mga tuntunin sa gramatika. Isa sa mga karaniwang kamalian ng mga mag-aaral sa pagsulat ng sanaysay ay ang

Copyright © 2026 IJAMS, All right reserved

paggamit ng gitling. Ang gitling (-) ay ginagamit upang pagdugtungin ang ilang salita o bahagi ng salita ayon sa mga tuntunin ng wikang Filipino.





Plate 8. Halimbawa ng maling paggamit ng gitling sa salitang hindi dapat gitlingan

Matutunghayan sa Plate 8 ang maling paggamit ng gitling sa loob ng pangungusap kagaya na lamang ng salitang *iba't-ibang* na dapat ay iba't ibang dahil ito ay mula sa salitang iba at iba.



Copyright © 2026 IJAMS, All right reserved

Plate 9. Halimbawa ng maling paggamit ng gitling sa pangungusap

Makikita sa Plate 9 ang ilang karaniwang kamalian ng mga mag-aaral sa paggamit ng gitling, tulad ng *napaka boring*, *iba't-ibang*, at *pagaaral*. Ang wastong anyo ng mga ito ay *napaka-boring*, *iba't ibang*, at *pag-aaral*. Ayon sa mga tuntunin ng wikang Filipino, nilalagyan ng gitling ang mga salitang hiram na nilapian, gaya ng *napaka-boring*, at ang mga salitang may wastong paghihiwalay ng pantig, gaya ng *pag-aaral*. Samantala, ang *iba't ibang* ay hindi na nilalagyan ng gitling sapagkat ito ay kontraksiyon ng "iba at iba," kaya kudlit lamang ang ginagamit. Ipinakita ng mga pag-aaral nina Angel (2022), Dela Cerna (2008), Gurango (2022), at Almario (2014) na mahalaga ang wastong paggamit ng gitling dahil nakaaapekto ito sa kahulugan at kalinawan ng mga pahayag.

Pag-uulit

Ang pag-uulit ay nagaganap sa pamamagitan ng pagbasa ng mga salita ng ilang beses o

higit sa isang beses. Mapapansin sa mga kamalian ng mga mag-aaral na may nangyayaring pag-uulit ng mga salita, lalo na sa salitang-ugat.




Plate 10. Halimbawa ng kamalian sa pag-uulit

Copyright © 2026 IJAMS, All right reserved

Makikita sa Plate 10 ang salitang nakikihalubilo na nakasulat at ang tamang gamit nito ay nakihahalubilo.





Plate 11. Halimbawa ng kamalian sa pag-uulit sa loob ng pangungusap.

Makikita sa Plate 11 ang ilang kamalian ng mga mag-aaral sa pag-uulit ng pantig, tulad ng *nakikihalubilo*, *nakakalungkot*, at *nakakahinayang*. Ang wastong anyo ng mga ito ay *nakihahalubilo*, *nakalulungkot*, at *nakahihinayang*. Ayon kay Santiago (2003), mahalagang maunawaan ang wastong paggamit ng mga panlapi sapagkat nakatutulong ito sa pagbuo ng tamang anyo ng mga salita.

<u>Pagbabaybay ng mga salita</u>

Maituturing ding kamalian sa pagbabaybay ang pagdidikit o pagsasama ng dalawang salita kagaya ng mga halimbawa na makikita sa isinulat ng mga mag-aaral. Sa pagsulat, may iba't ibang salita na ginagamit ang mga Pilipino, sa pagbabago ng panahon ay sinasabing marami pang umusbong na salita kung kaya naman ito ay nadadala ng mga milenyal sa paaralan. Ang iba ay hindi alam ang tamang pagbabaybay ng mga salita at pagwawasto ng gramatika (Angel, 2022).



Copyright © 2026 IJAMS, All right reserved

Plate 12. Halimbawa ng maling pagbabaybay sa loob ng pangungusap

Makikita sa Plate 12 ang salitang *sapaggamit.* Ang wastong paggamit nito ay dapat “sa paggamit” ang sa ay isang uri ng pang-ukol.




Plate 13. Halimbawa ng maling pagbabaybay sa panghalip na panaklaw

Makikita sa *Plate 13* ang maling paggamit ng panghalip na panaklaw gaya ng *amin*. Ang *sa* ay pang-ukol samantalang ang *amin* ay panghalip na panaklaw, kaya’t hindi sila maaaring pagsamahin. Sa mga pag-aaral nina Bugtong et al. (2024) at Agta et al. (2023), lumabas na kasiya-siya at napabuti ang kasanayan sa pagbabaybay ng mga mag-aaral, lalo na sa pangkat na gumamit ng mga estratehiya tulad ng laro, puzzle, at malinaw na tuntunin sa pagbabaybay. Ang pagbabaybay ay ang wastong pagkakasunod-sunod ng mga titik sa pagsulat ng salita at sumusunod sa prinsipyong “kung ano ang bigkas ay siyang sulat.” Ito ay nakapaloob sa Kautusang Pangkagawaran Blg. 81, s. 1987. Sa kabuuan, ipinakita ng pag-aaral na malawakan nang ginagamit ang direktang baybay ng mga hiram na salita sa mga tabloid sa Filipino, lalo na sa isports at showbiz, na umabot sa 70.19% ng paggamit.

Copyright © 2026 IJAMS, All right reserved

3. 4 Worktext, interbensyong nabuo sa pag-aaral

Naglalaman ito ng layunin, nilalaman, pagsasanay, at pagpapayamang gawain, at nakatuon sa mga kasanayan tulad ng paggamit ng malaki at maliit na titik, “nang” at “ng,” gitling, pag-uulit, at pagbabaybay. Binubuo ito ng 21 aralin: Aralin 1–14 para sa mga salitang pangnilalaman (pangngalan, pang-uri, pandiwa, at pang-abay) at Aralin 15–21 para sa mga salitang pangkayarian. Bawat aralin ay may apat na bahagi: layunin, nilalaman, pagsasanay, at pagpapayamang gawain.

3.5 Ang antas ng ebalwasyon ng mga eksperto sa nabuong interbensyon batay sa layunin, nilalaman, pagsasanay, at pagpapayamang gawain

Ang nabuong interbensyon upang matugunan at lalo pang mapahusay ang kasanayan at kakayahan ng mga mag-aaral sa gramatika at pagsulat ay isang worktext na kinapapalooban ng layunin, nilalaman, pagsasanay at pagpapayamang gawain.

Layunin

TALAHANAYAN 3 ANTAS NG EBALWASYON NG EKSPERTO SA NADEBELOP NA WORKTEXT AYON SA LAYUNIN

PAMANTAYAN SA PAGTATAYA	MEAN	DESKRIPSYON
Ang layunin ay naglalayong makapaggabay sa pagtuturo ng asignaturang Estruktura ng Wikang Filipino.	4.00	Napakaangkop
Ang worktext na kagamitan ay nakatuon sa antas tersarya.	3.67	Napakaangkop
Ang kagamitan ay makatotohanan, napapanahon at humahamon sa kakayahang pag-iisip ng mga mag-aaral.	3.67	Napakaangkop

Copyright © 2026 IJAMS, All right reserved

Ang kagamitan ay malinaw na inilahad at madaling maunawaan ng mga mag-aaral na pokus sa pagtuturo ng gramatika.	3.33	Napakaangkop
Ang mga gawain sa worktext na kagamitan ay naiuugnay ng mga mag-aaral sa kanilang karanasan.	3.33	Napakaangkop
Kabuoan	3.67	Napakaangkop

Leyenda: 3.25-4.00 (Napakaangkop) 2.50-3.24 (Angkop) 1.75-2.49 (Bahagyang Angkop) 1.00-1.74 (Hindi Angkop)

Lumabas sa ebalwasyon na ang nabuong worktext ay may kabuuang mean na 3.67 na may deskripsyong napakaangkop, na nagpapahiwatig na ito ay katanggap-tanggap ayon sa mga eksperto, partikular sa aspektong layunin. Ipinakita na ang mga layunin ay malinaw, tiyak, at nasusukat, na umaayon sa kaisipan nina Bongcato (2023), Allaga (2016), Basconcillo (2015), Hernandez (2012), Timbol (2014), at Tactay (2002) na nagsasaad na ang malinaw na layunin ay mahalagang batayan ng epektibong instruksyon at pagkatuto. Sa kabuuan, ang malinaw na pagbuo ng layunin ay susi sa epektibong implementasyon ng worktext sa pagtuturo ng Estruktura ng Wikang Filipino.

Nilalaman

Matutunghayan naman sa Talahanayan 4 ang lebel ng ebalwasyon ng eksperto sa worktext na ayon sa nilalaman.

Talahanayan 4 Antas ng Ebalwasyon ng eksperto sa nadebelop na worktext ayon sa nilalaman.

Copyright © 2026 IJAMS, All right reserved

PAMANTAYAN SA PAGTATAYA	MEAN	DESKRIPSYON
Ang nilalaman ng worktext ay kasiya-siya at lubos na makatutulong sa paglinang ng kakayahang panggramatika ng mga mag-aaral.	3.67	Napakaangkop
Tumutugon sa pangangailangan ng mga mag-aaral sa kanilang kakayahang panggramatika.	3.67	Napakaangkop
Nalilinang ang kaisipan sa mga nilalaman nito na may kaugnayan sa gramatika.	3.67	Napakaangkop
Kinapapalooban ng mga estratehiya o teknik upang ganap ang pagkatuto sa gramatika.	3.67	Napakaangkop
Kinapapalooban ng mga estratehiya o teknik upang ganap ang pagkatuto sa gramatika.	3.67	Napakaangkop
Kabuoan	3.67	Napakaangkop

Leyenda: 3.25-4.00 (Napakaangkop) 2.50-3.24 (Angkop) 1.75-2.49 (Bahagyang Angkop) 1.00-1.74 (Hindi Angkop)

Lumabas sa ebalwasyon na ang kabuuang mean ay 3.67 na may deskripsyong *napakaangkop*, na nagpapahiwatig na ang nabuong worktext ay katanggap-tanggap ayon sa nilalaman batay sa pagsusuri ng mga eksperto. Ipinakita sa Talahanayan 4 na lahat ng pamantayan

Copyright © 2026 IJAMS, All right reserved

ay may kaparehong resulta, na nagpapahiwatig ng malinaw, angkop, at sistematikong pagkakabuo ng mga nilalaman na nakatutulong sa pagpapaunlad ng kasanayang gramatikal at nakahihikayat sa pagkatuto. Binigyang-diin nina Gloria (2021) at Fernandez (2021) ang kahalagahan ng makabagong estratehiya at teknolohiya sa pagpapahusay ng pagkatuto, habang ayon sa konstruktibismo, ang pagkatuto ay nalilinang sa pamamagitan ng aktibong pakikilahok at malikhaing pagtatanong (Bongcato, 2023). Sa kabuuan, ayon kay Hernandez (2009) na binanggit ni Basconcillo (2015), ang kagamitang pampagtuturo ay dapat nakabatay sa pangangailangan ng mga mag-aaral upang mapaunlad ang kanilang kasanayan sa gramatika sa pasalita at pasulat na komunikasyon.

Pagsasanay

Makikita sa talahanayan 6 ang ebalwasyon ng mga eksperto sa nabuong worktext

ayon sa pagsasanay.

Copyright © 2026 IJAMS, All right reserved

TALAHANAYAN 5 ANTAS NG EBALWASYON NG EKSPERTO SA NADEBELOP NA WORKTEXT AYON SA PAGSASANAY

PAMANTAYAN SA PAGTATAYA	MEAN	DESKRIPSYON
Angkop at tumutugon ang mga gawain sa pangangailangan ng mga target na mag-aaral.	4.00	Napakaangkop
Angkop ang mga gawain/pagsasanay sa antas ng mga target na mag-aral.	4.00	Napakaangkop
Malinaw na nailahad ang mga panuto sa bawat gawain o pagsasanay.	3.67	Napakaangkop
Ang mga pamagat ng mga gawain ay nakagaganyak sa interes ng mga mag-aaral.	3.67	Napakaangkop
Ang worktext na kagamitan ay may sapat na gawain/pagsasanay upang malinang ang kasanayan ng mga mag-aaral sa estruktura ng wikang Filipino.	3.67	Napakaangkop
Kabuoan	3.80	Napakaangkop

Leyenda: 3.25-4.00(Napakaangkop) 2.50-3.24(Angkop)1.75-2.49 (Bahagyang Angkop) 1.00-1.74 (Hindi Angkop)

Lumabas sa ebalwasyon na ang kabuuang mean ay 3.80 na may deskripsyong *napakaangkop*, na nagpapahiwatig na ang nabuong worktext ay katanggap-tanggap ayon sa mga eksperto batay sa mga pagsasanay nito. Ipinakita na ang mga pagsasanay ay komplimentari sa mga konsepto at layunin ng pagkatuto, mabisa, at angkop sa antas tersarya.

Copyright © 2026 IJAMS, All right reserved

Makikita sa Talahanayan na ang Pamantayan 1 at 2 ay nakakuha ng mean na 4.00 na *napakaangkop*, na nagpapakita ng angkop na disenyo ng mga gawain sa pangangailangan ng mga mag-aaral. Samantala, ang Pamantayan 3, 4, at 5 ay may mean na 3.67 na *napakaangkop*, na nagpapahiwatig ng kawili-wiling pamagat ng gawain, sapat na pagsasanay, at malinaw na panuto. Sa kabuuan, ang mga eksperto ay sumasang-ayon na ang mga pagsasanay ay angkop sa antas ng pagkatuto at nakatutulong sa pagpapaunlad ng kasanayan sa Estruktura ng Wikang Filipino. Dagdag pa nina Johnson et al. (2010), kinakailangang makaangkop ang mga institusyon sa nagbabagong pangangailangan ng mga mag-aaral sa pamamagitan ng mga bagong modelo ng pagkatuto, sapagkat ang kalidad ng mga gawain ay direktang nakaaapekto sa tagumpay ng pagkatuto.

Mapapansin naman sa Talahanayan 6 ang lebel ng ebalwasyon ng mga eksperto sa nadebelop na worktext na mapapansin sa mean ratings at kaukulang deskripsyon ng mga eksperto sa Filipino sa kanilang pagtanggap sa nabuong worktext batay pagpapayamang gawain. Lumabas sa ebalwasyon na makikita sa panlahat na kabuuang mean ng bawat bahagi ay may mataas na kabuuang mean na 3.87 at ito ay may pasalitang deskripsyon na napakaangkop. Samakatwid, ang nabuong worktext ay katanggap-tanggap ayon sa pagpapayamang gawain para sa mga eksperto.

Pagpapayamang Gawain

PAGPAPAYAMAN SA PAGTATAYA	MEAN	DESKRIPSYON
Angkop ang mga pagpapayamang-gawain sa mga mag-aaral ng gramatika.	4.00	Napakaangkop
Ang mga teknik o estratehiya ay naisasagawa nila nang buong husay dahil sa pagpapayamang gawain na inilaan.	3.67	Napakaangkop
Napapayaman ang isipan at napatatalas nito ang kaisipan tungkol sa gramatika.	4.00	Napakaangkop

Copyright © 2026 IJAMS, All right reserved

Nailalabas pa ng mga mag-aaral ang kanilang nakatagong kakayahan dahil sa mapanghamong mga pagpapayamang-gawain.	3.67	Napakaangkop
Angkop ang mga pagpapayamang gawain sa antas tersarya.	4.00	Napakaangkop
Kabuoan	3.87	Napakaangkop

Matutunghayan sa Talahanayan 6 ang antas ng ebalwasyon ng mga eksperto sa nabuong worktext ayon sa pagpapayamang gawain.

Leyenda: 3.25-4.00 (Napakaangkop) 2.50-3.24 (Angkop) 1.75-2.49 (Bahagyang Angkop) 1.00-1.74 (Hindi Angkop)

Mapapansin na ang Pamantayan 1, 3, at 5 ay may kabuuang mean na 4.00 na may deskripsyong *napakaangkop*, na nagpapakita na ang mga pagpapayamang gawain ay angkop sa antas tersarya, nakapagpapayaman ng kaisipan, at nakapagpapatalas ng pag-unawa sa gramatika. Samantala, ang Pamantayan 2 at 4 ay may mean na 3.67 na *napakaangkop*, na nagpapahiwatig na ang mga gawain ay epektibong naisasagawa gamit ang angkop na estratehiya at nakatutulong sa paglinang ng kakayahan ng mga mag-aaral. Sa kabuuan, ang mga eksperto ay nagpapatunay na ang mga pagpapayamang gawain ay angkop, makabuluhan, at nagtataglay ng mga pagpapahalagang pampagkatuto. Ayon kina Villafuerte et al. (2008), na binanggit ni Basconcillo (2015), ang pagpapayamang gawain ay itinuturing na mahalagang bahagi ng aralin sapagkat ito ang naglalayong palawakin ang pag-unawa ng mga mag-aaral sa pamamagitan ng iba’t ibang gawaing pampagkatuto. Dagdag pa rito, ayon kay Timbol (2014), ang mga karagdagang gawain ay mahalaga sa paglinang ng mas malalim na pagkatuto at nagsisilbing mahalagang bahagi ng epektibong pagpaplanong pampagtuturo.

Copyright © 2026 IJAMS, All right reserved

I. KONGKLUSYON

May kaalaman ang mga mag-aaral sa mga bahagi ng pananalita, ngunit hindi pa nila ito lubos na nauunawaan. Kailangan pang paunlarin ang kakayahan ng mga mag-aaral sa pagbabantas, wastong paggamit ng salita, at paggamit ng malaki at maliit na titik. Batay sa resulta ng pag-aaral, hindi pa sapat ang kakayahan ng mga mag-aaral sa gramatika. Dahil dito, kailangan pang makabuo ng iba pang kagamitang pampagkatuto bukod sa nabuong worktext. Ang nabuong worktext ay nakatanggap ng pasalitang deskripsyong “Napakaangkop” mula sa mga eksperto batay sa layunin, nilalaman, pagsasanay, at mga gawaing pagpapayaman. Ipinapakita nito na katanggap-tanggap at angkop gamitin ang worktext.

4.1 Rekomendasyon

Matapos suriin ang resulta ng pag-aaral, nabuo ang mga sumusunod na rekomendasyon: Magbigay ang mga guro ng higit pang pagsasanay sa paggamit ng mga salitang pangnilalaman at pangkayarian sa pamamagitan ng mga gawain tulad ng pagsulat ng sanaysay, kuwento, at tula. Magkaroon ng karagdagang pagsasanay sa wastong paggamit ng malaki at maliit na titik, nang at ng, gitling, pag-uulit, at wastong pagbabaybay ng mga salita. Dapat maglaman ang worktext ng mga gawaing nagpapalawak ng bokabularyo, tulad ng mga puzzle, laro ng salita, at mga gawaing pagbasa. Kailangan din itong magbigay ng mga pagsasanay sa tamang paggamit ng gramatika. Hikayatin ang mga guro na bumuo at gumamit ng worktext upang makatulong sa pagkatuto at pagganap ng mga mag-aaral sa asignaturang Filipino. Magsagawa pa ng mga pag-aaral tungkol sa pagbuo ng worktext upang higit na mapahusay ang proseso ng pagkatuto at kakayahan ng mga mag-aaral sa Filipino.

Copyright © 2026 IJAMS, All right reserved

SANGGUNIAN

[1.] Abad, M. & Ruedas, A. (1996). Paghahanda ng mga Kagamitang Pampagtuturo: Manila. National Book Store.

[2.] Abyado, R. O. (2016). Pagsasanay Pangwika para sa mga Mag-aaral na Nagpapadalubhasa sa Filipino. Benguet State University, La Trinidad, Benguet.

[3.] Almario, V. S. 2016. Batayang pagsasalin: ilang patnubay at babasahin para sa baguhan.

Hinalaw sa https://kwf.gov.ph/wp content/uploads/2017/03/Batayang-Pagsasalin.pdf. Hinango noong Abril 11, 2025.

[4.] Badayos, P. B. (2012). Metodolohiya sa Pagtuturo ng Wika, Mga Teorya, Simulain at Istratehiya. Metro Manila. Philippines. Grandbooks Publishing, Inc.

[5.] Basconcillo, E. D. (2015). Performans Lebel sa Sining ng Pakikipagtalastasan (Filipino ng Mga Mag-Aaral ng Nueva Vizcaya State University- Bambang Campus, Batayan sa pagbuo ng worktext.

[6.] Busacay, A. L., Jaravata, M. T., M.V. Malanom, C. E. Mamuyac, & M.L. G. Eguia. (2025). Kasanayan sa Paggamit ng mga Bantas ng mga Mag-aaral sa Grade 11. Hinalaw sa

https://cognizancejournal.com/vol5issue1/V5I117.pdf. Hinango noong Marso 25, 2025. DOI: 10.47760/cognizance. 2025.v05i01.017.

[7.] Bisa. P. & Cruz, D. (2014). Pagpapaliwanag ng Gramatika Hinalaw mula sa

https://gramatikangfilipino.meaningandrules.tips//43- Html. Hinango noong Hunyo 23, 2022.

[8.] Creswell, J.W., & Clark, VI. P. (2011). Designing and Conducting Mixed Methods research (2nd ed.). Los Angeles, CA: Sage.

Copyright © 2026 IJAMS, All right reserved

[9.] Del Rosario, A. G. (2022). Ortograpiyang Filipino, Kamalayan, Pagtanggap at Paggamit. Benguet State University, La Trinidad, Benguet.

[10.] Hernandez, L. G., (2012). Paghahanda at Ebalwasyon ng Modyul sa mga Unang Apat na Kabanata ng Asignaturang Pagbasa at Pagsulat Sa Iba't Ibang Disiplina Sa Nueva

Vizcaya State University, Bambang Campus. Saint Mary's University. Bayombong, Nueva Vizcaya.

[11.] Jalbuena, M.C.M. (2008). Filipino Modyul. Hinalaw mula sa https://dokumen.tips/documents/eteeap-fil-modyul-1.html. Hinango noong Marso 16, 2022.

[12.] Labarrete, R. A. (2016). Composition Writing Ability of Pre-Service Special Education Students: An Analysis. Hinalaw sa https://ejournal.unp.ac.id/index.php/selt/article/download/6984/5518Hinango noong Enero 23, 2024.

[13.] Lartec, N. C & Perey, G. M. (2011) Kakayahang Panggramatika sa Filipino ng mga Mag aaral; sa University the Cordilleras, Hinalaw mula sa https://www.academia.edu/34737551/Kakayahang_Panggramatika UC Research Journal. Hinango noong Mayo 29, 2022.

[14.] Misa, R. M. (2019). Kakayahan Sa Panggramatikang Filipino Ng Mga Mag-Aaral Ng Grade 9 Laboratory High School Ng President Ramon Magsaysay State University. Hinalaw mula sa https://www.ajhssr.com/wp-content/uploads/2021/10/I215105868.pdf

[15.] Resuello, M. R. & R. D. Funclara. (2021). Gramatikal na Kakayahan ng mga Mag-aaral sa Pagsulat sa Filipino. Published 2021-11-20 vol 2 No. 2 (2021) Dyornal ng Edukasyon at Araling Panlipunan Publisher: College of Education, Lingayen Campus Pangasinan State University, Pilipinas. Hinalaw mula sa https://psurj.org/psurj/online/index.php/deap/article/view/172/129. Hinango noong Nobyembre 23, 2022.

Copyright © 2026 IJAMS, All right reserved

[16.] Tanawan, D. (2004). Sining ng Mabisang Komunikasyon. Bulacan: Trinitas Publishing Incorporation.

[17.] Ullero T. (1987). Mga Salik na may Kaugnayan sa Kakayahan ng Pagsulat ng Komposisyon ng mga Mag-aaral sa Unang Taon ng Kolehiyo ng University of Northern Philippines. Di-nailathalang Tesis, Pamantasan ng Hilagang Pilipinas, Vigan Ilocos Sur.

[18.] Victoria, V. A. (2013). Kontra-Gahum: Kontradisiyon, Eksepsiyon, at Peregrinasyon. https://ejournals.ph/article.php?id=6233. Hinango noong Mayo 01, 2025.

[19.] Villafuerte, P.V, Abubakar, Ab.T., et al. (2022). Kurikulum sa Pagtuturo ng Filipino sa Bagong Normal. 7 Eyes Productions Book Publishing. Tanza, Cavite, Philippines.

Copyright © 2026 IJAMS, All right reserved